

DEKORASYON SA KLASRUM BILANG DAGDAG KAALAMAN SA MGA MAG-AARAL

by:
Rodelio R. Dionisio
Teacher III

Ang klasrum ay hindi lamang isang lugar ng pag-upo at pakikinig—ito rin ay isang kapaligirang maaaring magbigay ng dagdag kaalaman at inspirasyon sa mga mag-aaral. Isa sa mga mabisang paraan upang maabot ito ay ang paggamit ng dekorasyon sa loob ng silid-aralan. Hindi lamang ito pampaganda, kundi nagiging kasangkapan din sa mas malalim na pagkatuto.

Kapag maayos at makabuluhan ang mga dekorasyon sa klasrum, tulad ng mga poster ng alpabeto, bahagi ng katawan, mga bayani, o simpleng mga tuntunin ng silid-aralan, nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na maalala ang mga aralin. Ang paulit-ulit na exposure sa mga biswal na materyal ay tumutulong sa mas mabilis na pagkatuto at pag-unawa.

Bukod dito, ang makukulay at malikhaing disenyo ay nagbibigay ng masiglang kapaligiran na nag-uudyok sa mga bata na maging mas interesado sa pag-aaral. Ang mga temang dekorasyon na naaayon sa aralin—tulad ng buwan ng wika, agham at teknolohiya, o kalikasan—ay nagbibigay ng konteksto sa mga talakayan sa klase at pinapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral.

Nakakatulong din ang dekorasyon sa paghubog ng disiplina at magandang asal. Halimbawa, ang paglalagay ng mga paalala ukol sa tamang asal, kalinisan, at respeto sa kapwa ay nagsisilbing tahimik ngunit epektibong paalala sa mga bata araw-araw.

Sa kabuuan, ang dekorasyon sa klasrum ay higit pa sa palamuti. Isa itong estratehiya sa pagtuturo na nagiging tulay sa mas masigla, epektibo, at makabuluhang pagkatuto para

sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, ang klasrum ay nagiging isang kapaligirang kapwa kaaya-aya at kapaki-pakinabang.

References: